# *Mga impormasyon ayon sa Batas tungkol sa Mga Karapatan ng mga Immigrant na Biktima ng Pagmamaltratong nangyayari sa kanilang tahanan sa Estados Unidos at Mga Impormasyon tungkol sa Bisa para sa Pag-iimigrate batay sa Pagpapakasal*

**Layunin:**
Ang mga immigrant ang madalas na nagiging biktima dahil ang karamihan sa kanila ay hindi marunong mag- Ingles, malimit na nahihiwalay sa kanilang mga pamilya at mga kaibigan, at maaaring hindi nila naiintindihan ang mga batas ng Estados Unidos. Sa mga dahilang ito, ang mga immigrant ay malimit na natatakot isumbong sa pulis ang mga ginagawang pagmamalupit sa kanila sa kanilang tahanan. At natatakot ring maghanap ng iba pang klaseng paraan at ng makaka tulong. sa kanilang problema. Ang ganitong pagkatakot ang dahilan kung bakit maraming immigrant ang nagtitiis na lamang sa mga ganitong mahirap at masakit na pakikipagrelasyon.

Ipaliliwanag nitong pamphlet na ito kung ano ang tinatawag na domestic violence at mga kalupitang nangyayari sa inyong tahanan, at ipababatid sa inyo ang inyong mga karapatan ayon sa batas sa Estados Unidos. Ipinag-uutos ng International Marriage Broker Regulation Act (IMBRA) na bigyan ng Pamahalaan ng Estados Unidos ang mga fiance(e) at mga asawa na mula sa ibang bansa na nag-iimigrate sa Estados Unidos, ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan ayon sa batas pati ng mga kasaysayang kriminal o domestic violence ng mga fiance(e) at mga asawa nilang mamamayan ng Estados Unidos. Ang isa sa mga layunin ng IMBRA ay bigyan ang mga nag-iimigrate na mga fiance(e) at mga asawa ng wastong impormasyon tungkol sa mga hakbang para sa pag-iimigrate at kung paano makakahingi ng tulong kung maging mahirap at kung sila'y masaktan sa kanilang pakikipagrelasyon.

**Ano ang ibig sabihin ng domestic violence ?**
Ito'y pauli-ulit na pagbabanta, pang-aabuso o pananakit sa isang katalik na partner o asawa ng kanyang partner. Kabilang sa pang-aabusoang pananakit sa katawan, pilit na pakikipag-sex, manipulasyon ng damdamin ( kasama ang pagpapalayo sa mga kamag-anak at mga kaibigan o ang pananakot), mga pagbabantang may kinalaman sa pera at/o sa immigration. Bagamat ang karamihan ng mga itinalang insidente ng domestic violence ay ang mga lalaki ang nang-aabuso sa mga babae o mga bata, ang mga lalaki ay pwede ring maging biktima ng ganitong pangyayari.

Kabilang sa domestic violence ang sexual assault, pang-aabuso ng bata, at mga iba pang krimen ng karahasan. Ang <u>sexual assault</u> ay ang anumang sexual na kilos na ayaw ninyong gawin o gawin sa inyo, kahit na asawa ninyo ang humuhiling, at ito ay pwedeng gawin ng sinuman. Kabilang sa <u>pang-aabuso ng bata ang: pananakit sa katawan</u> (anumang pinsala na hindi aksidente, kabilang ang labis na parusa), pagpapabaya ( hindi binibigyan ng pagkain, tirahan, hindi pinagagamot o hindi inaalagaan at inaasikaso), pang-aabusong sexual, at pang-aabuso ng damdamin ( mga pagbabanta, pinagkakaitan ng pagmamahal, hindi pagsustento o kulang sa aruga.)

Kahit ano pa man ang sitwasyon, labag sa mga batas ng Estados Unidos ang domestic violence, sexual assault, at ang pang-aabuso ng bata. Ang lahat ng tao sa Estados Unidos (maging anuman ang kanilang lahi, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, pinanggalingan, o kalagayan ng mga papeles sa immigration) ay may garantiya ng proteksyon na hindi abusuhin, alinsunod sa batas. Pwedeng humingi ng tulong ang sinumang biktima ng domestic violence – anuman ang kalagayan ng kanyang mga papeles sa immigration o ang kanyang pagkamamamayan. Maaaring karapat-dapat magkaroon ng mga immigration protection ang isang immigrant na biktima ng domestic violence.

Kung kayo ay biktima ngdomestic violence, kayo ay hindi nag-iisa. Ang layunin nitong pamphlet na ito ay tulungan kayong maintindihan ang mga batas ng Estados Unidos at malaman kung paano makakahingi ng tulong kung kailangan ninyo.

**Ano ang mga karapatan ayon sa batas ng mga biktima ng domestic violence sa Estados Unidos?**
Ang lahat ng tao sa Estados Unidos, maging anuman ang kanilang kalagayan sa immigration o pagkamamamayan, ay may garantiya ng mga mahalagang proteksyon alinsunod sa mga batas sibil at kriminal. Ang mga batas na nauukol sa mga pamilya ay nagbibigay sa inyo ng:

- Karapatang kumuha ng isang utos ng proteksyon para sa inyo at inyong (mga) anak.
- Karapatang makakuha ng legal separation o ng diborsyo nang walang pahintulot ng inyong asawa.
- Karapatang makibahagi o makihati sa mga ilang pag-aari ninyong mag-asawa. Sa mga sitwasyon ng diborsyo, ang hukuman ang maghahati-hati ng anumang mga ari-arian at pera na nasa pangalan ninyong mag-asawa.
- Karapatang hilinging bigyan kayo ng poder at mapasa inyo ang inyong anak o mga anak at makatanggap kayo ng sustento. Ang mga magulang ng mga batang wala pang 21 taong gulang ay malimit na inuutusang mag- sustento para sa sinumang anak nilang hindi nila kasama sa bahay.

Kumonsulta sa isang abogadong espesyalista sa mga batas na nauukol sa pamilya, na tumutulong sa mga

immigrant, para pag-usapan ninyo kung paano makakaapekto o makakatulong sa inyo ang alinman sa mga batas na nauukol sa pamilya.

Alinsunod sa batas ng Estados Unidos, ang sinumang biktima ng isang krimen, maging anuman ang kanyang kalagayan sa immigration o pagkamamamayan, ay pwedeng tumawag ng pulis para humingi ng tulong o makakuha ng isang utos ng proteksyon .

Tumawag ng pulis sa pamamagitan ng pag-dial ng 911 kung kayo o ang inyong (mga) anak ay nasa panganib. Maaaring arestuhin ng pulis ang inyong fiance(e), asawa, o partner, o iba pang tao kung sa kanilang paniwala ay may nagawang krimen ang taong iyon. Kailangang sabihin ninyo sa pulis ang tungkol sa anumang nangyaring pang-aabuso, kahit nakaraan na, at ipakita ninyo sa kanila ang anumang mga pinsala sa inyong katawan. Ang sinuman, maging anuman ang kanyang kalagayan sa immigration o pagkamamamayan, ay pwedeng magsumbong ng krimeng ginawa sa kanya.

Gayon din, kung kayo ay biktima ng domestic violence, pwede kayong humiling sa isang hukuman ng utos ng proteksyon. Ang iniutos ng hukuman na utos para sa proteksyon o utos ng pagbabawal ay maaaring pagbawalan ang taong nang-abuso sa inyo na tawagan, kontakin, lapitan, o saktan kayo, ang inyong (mga) anak o ang mga ibang kapamilya ninyo. Kapag linabag ng taong nang-abuso sa inyo ang utos para sa proteksyon, pwede ninyong kontakin ang pulis at maaaring arestuhin nila ang taong iyon. Ang mga aplikasyon para sa mga utos na proteksyon ay makukuha sa karamihan ng mga hukuman, mga estasyon ng pulis, mga shelter para sa kababaihan, at mga tanggapang naghahandog ng mga serbisyong nauukol sa batas.

Kung kayo ay pinaratangang may ginawang krimen ng taong nang-abuso sa inyo, kayo ay may mga mahalagang karapatan, maging anuman ang inyong kalagayan sa immigration o pagkamamamayan, kabilang ang: karapatang kausapin ang isang abogado; karapatang hindi sagutin ang mga tinatanong sa inyo nang walang abogadong kaharap; karapatang magsalita upang ipagtanggol ang inyong sarili. Mahalaga para sa inyo na kumonsulta sa isang abogadong espesyalista sa mga batas na nauukol sa immigration at sa isang abogadong tagapagtanggol sa mga kasong kriminal.

**Anong mga serbisyo ang makukuha ng mga biktima ng domestic violence at sexual assault sa Estados Unidos?**

Sa Estados Unidos, ang mga biktima ng krimen, maging anuman ang kanilang kalagayan sa immigration o pagkamamamayan, ay makakakuha ng tulong na ipinagkakaloob ng mga ahensya ng pamahalaan o mga ahensyang di-pamahalaan, na maaaring kabilang sa mga ito ang counseling, mga translator, o interpreter, matitirahan sa panahon ng emergency, at kahit tulong na pera.

Ang mga numero ng telepono na matatawagan mula sa alinmang dako ng Estados Unidos o "mga hotline" ay may mga operator na sinanay na tulungan ang mga biktima 24 oras araw-araw na walang-bayad. May makukuha kayong mga tagasalin sa inyong wika at makokonekta kayo nitong mga numero sa iba pang libreng mga serbisyo para sa mga biktima sa inyong lugar, kabilang ang matitirahan sa panahon ng emergency, pagpapagamot, counseling, at mga payong nauukol sa batas. Kung hindi ninyo kayang magbayad para sa isang abogado, baka maaaring karapat-dapat kayo para sa programa ng libreng o murang tulong na nauukol sa batas, para sa mga biktima ng krimen o ng mga domestic violence.

National Domestic Violence Hotline
1-800-799-SAFE (1-800-799-7233)
1-800-787-3224 (TTY)
www.ndvh.org

National Sexual Assault Hotline of the Rape, Abuse and Incest National Network (RAINN)
1-800-656-HOPE (1-800-656-4673)
www.rainn.org

National Center for Missing and Exploited Children
1-800-THE-LOST (1-800-843-5678)
www.missingkids.com

The National Center for Victims of Crime
1-800-FYI-CALL (1-800-394-2255)
1-800-211-7996 (TTY)
www.ncvc.org

BIGYANG PANSIN: Ang pangunahing tungkulin nitong mga organisasyon ay kaligtasan at proteksyon.

**Kung ako ay isang biktima ng domestic violence sexual assault, o ng iba pang krimen, ano ang mga opsyon kokaugnay sa immigration?**

May tatlong paraan kung paano maaaring makapag-aplay para maging legal ang kalagayan sa immigration ng mga dayuhan na naging biktima ng domestic violence, sexual assault, at ng iba pang krimen, para sa kanilang sarili at para sa kanilang (mga) anak. Hindi isisiwalat ang pag-aaply ng biktima, at walang sinuman, kabilang ang nang-abuso, ang gumawa ng krimen o ang inyong kapamilya ang makakaalam na kayo ay nag-aplay

- Mga sariling pagpepetisyon alinsunod sa Violence Against Women Act (VAWA)
- Kanselahin ang pagpapa-deport alinsunod sa VAWA
- U-non-immigrant status (mga biktima ng krimen)

Ang bawa't isa sa mga immigration benefit ay may mga partikular na hinihiling na kailangang magbigay ng pagpapatunay. Kumonsulta sa isang abogadong espesyalista sa immigration na tumutulong sa mga biktima ng domestic violence upang mapag-usapan ninyo kung paano makakaapekto o makakatulong sa inyo ang alinman sa mga immigration benefit na ito.

**Paano ang pag-iimigrate batay sa pagpapakasal?**

Maraming kinakailangang hakbang ang pag-iimigrate batay sa pagpapakasal para maging isang legal immigrant sa Estados Unidos, at paglaon, para maging karapat-dapat maging isang mamamayan. Itong mga hakbang na ito ay depende sa kung anong klaseng bisa batay sa pagpapakasal ang bisa ninyo

nang  kayo ay nag-immigrate sa Estados Unidos, pati mga ibang dahilan. Ang mga sumusunod ay mga maikling pagpapaliwanag ng ilan sa mga klase ng bisa, pati impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan ayon sa batas.

*K-1 non-immigrant status* (bilang fiancé(e) ng isang mamamayan ng Estados Unidos):  Kailangan kayong magpakasal sa mamamayan ng Estados Unidos sa loob ng 90 araw mula nang pumasok kayo ng Estados Unidos kung hindi gagawin ito, kailangan kayong umalis ng Estados Unidos. Pagkakasal ninyo sa fiance(e) na mamamayan ng Estados Unidos na nagpetisyon sa inyo, kailangan ninyong mag-file ng Application to Register Permanent Residence or Adjust Status (Form I-485). Kung inaprobahan ang inyong Form
I-485, iaakma ang inyong status mula K non-immigrant at magiging conditional permanent resident. Dalawang taon  kayong nasa conditional status.

Kung kayo ay mananatili sa Estados Unidos at kayo ay hindi nagpakasal sa mamamayan ng Estados Unidos na nag-sponsor sa inyong K-l visa, o kung kayo ay nagpakasal sa iba, linalabag ninyo ang mga kondisyon ng inyong bisa, wala kayong legal status, at  kayo ay pwedeng ipa-deport o patawan ng  iba pang parusa.

*K-3 non-immigrant status* (bilang asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos):  Kayo ay pwedeng pumasok ng Estados Unidos nang pansamantala habang hinihintay ang pag-aaproba sa  visa petition batay sa pamilya (I-130). Sa oras na naaprobahan ang I-130, kayo ay may karapatang maging isang legal permanent resident (green card) at kakailanganin ninyong mag-file ng Application to Register Permanent Residence or Adjust Status (Form I-485).

Kailangang basahin ng lahat ng may ibang klaseng immigration status na batay sa pagkakasal ang mga impormasyong binigay sa kanila ng Konsulado ng Estados Unidos.  May mga karagdagang impormasyon online sa    http://www.uscis.gov .

**Ano ang mga parusa para sa pagkakasal nang hindi tunay?**

Ang mga immigrant na pumasok sa isang pagkakasal na panlilinlang ay maaaring ipa-deport o maaaring pagbawalang  makatanggap sa hinaharap  ng mga immigration benefit sa Estados Unidos. Ang sinumang mahatulang may-sala ng  pagkakasal  na hindi tunay ay pwedeng makulong nang hanggang sa limang (5) taon at pagmultahin ng hanggang $250,000 (perang Estados Unidos).

**Kung ako ay kasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos na nag-file ng mga papeles sa immigration para sa akin, ano ang aking immigration status?**

Kung kayo ay kasal  nang wala pang 2 taon sa panahong naaprobahan ang inyong Form I-485, kayo ay tatanggap ng conditional residence status mula sa USCIS. Siyamnapung (90) araw bago ang ikalawang anibersaryo ng inyong conditional residence, kayong mag-asawa ay kailangang magkasamang  mag-aplay na ipaalis ang mga kondisyon sa inyong residence status. Para gawin ito, kailangan kayong magbigay ng pagpapatunay na kayo ay nagpakasal na may “mabuting layunin” at tunay ang inyong pagkakasal. Sa oras na alisin ang mga kondisyon, kayo ay isa nang permanent resident na hindi nababatay sa inyong asawang mamamayan ng Estados Unidos.

Kung kayo ay kasal nang higit sa 2 taon sa panahong naaprobahan ang inyong Form I-485, kayo ay tatanggap ng permanent residence status mula sa USCIS. Sa petsang iyon, hindi na nababatay ang inyong immigration status sa inyong asawang mamamayan ng Estados Unidos.

May tatlong sitwasyon na kung saan pinahihintulutan ng batas ang mga conditional resident ng opsyon na hilinging ang waiver sa ipinag-uutos na magkasama kayong mag-asawang mag-file na alisin ang mga kondisyon. 1) Magreresulta sa isang matinding kahirapan ang pagpapa-alis sa Estados Unidos nitong conditional resident; O 2) Ang pagkakasal ay nagwakas nang legal, maliban sa pagkamatay, at hindi kasalanan ng aplikante na hindi nai-file sa tamang panahon ang aplikasyon para alisin ang kondisyon sa kanyang status; O 3) Sa loob ng panahon ng kanilang pagkakasal, binubugbog o matinding pinagmamalupitan ng asawang mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanent resident ang asawang conditional resident. Ang lahat ng tatlong waiver ay fina-file sa Form I-751 at iniuutos sa inyong patunayan na kayo ay nagpakasal na may “mabuting layunin” at hindi panlilinlang ang inyong pagpapakasal.

**Ano pa ang ibang paraang ginagawa ng pamahalaan ng Estados Unidos para sikaping ipaalam sa mga fiance(e) at mga asawa na mula sa ibang bansa ang tungkol sa kanilang mga karapatan at protektahan sila at ang kanilang mga anak laban sa pang-aabuso?**

Ang International Marriage Broker Regulation Act of 2005 (IMBRA) ay  isang batas sa Estados Unidos na nagbago sa mga hakbang para sa pag-iimigrate batay sa pagkakasal upang tulungan ang mga fiance(e) at mga asawa na mula sa ibang bansa. Ipinag-uutos ng IMBRA na bigyan ng pamahalaan ng Estados Unidos ang mga nag-iimigrate na mga fiance(e) at mga asawa, ng mga impormasyon at mga kasangkapang tulungan ang sarili para protektahan sila laban sa karahasan ng kanilang mga partner na nag-sponsor ng kanilang bisa. Sa kalimitan, ang mga nag-iimigrate na mga fiance(e) at mga asawa ay walang nalalaman tungkol sa mga batas ng Estados Unidos at walang mga tumutulong sa kanilang mga kapamilya o mga kaibigan para takasan ang domestic violence.

Iniutos ng IMBRA  ang pagsulat at pamamahagi nitong pamplet upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga batas at mga serbisyo na makakatulong sa inyo sa Estados Unidos kung kayo ay inaabuso. Hinahadlangan ng IMBRA ang mga mamamayan ng Estados Unidos na mag-sponsor nang higit pa sa isang bisa para sa kanilang mga fiance(e) na mula sa ibang bansa kung sila ay may kasaysayan ng mga krimen ng karahasan. Iniuutos ng IMBRA sa pamahalaan ng Estados Unidos na bigyan ang mga fiance(e) at mga asawa na taga ibang bansa, ng kopya ng criminal background check na ginagawa ng USCIS sa mga nag-iisponsor na mamamayan ng

Estados Unidos, pati kopya ng aplikasyon para sa pag-iisponsor ng bisa

**Paano napamamahalaan ng pamahalaan ng Estados Unidos ang "International Marriage Brokers"?**

Kung kwalipikado ang isang agency ay bilang "international marriage broker", kinakailangan nitong bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa pagkatao ng kanilang kliyente sa Estados Unidos na gustong makipagkontak sa inyo, kabilang ang mga impormasyong nasa listahang para sa madla ng mga pamahalaang pederal at ng estado ng mga sex offender, at hingin ang inyong permiso bago nila ibigay sa kanilang kliyente sa Estados Unidos ang mga impormasyong tungkol sa inyo. Iniuutos sa agency na bigyan kayo ng kopya nitong pamplet. Pinagbabawalan itong kumasundo sa inyo kung kayo ay wala pang 18 taong gulang

**Mapagtitiwalaan ko ba ang criminal background check information tungkol sa aking fiance(e) o asawa na mamamayan ng Estados Unidos?**

Ang criminal background check information na tinipon ng agency ay mula sa mapagkukunan ng madla ng impormasyon pati ang mga impormasyong binigay ng mga kliyenteng mamamayan ng Estados Unidos sa mga aplikasyon sa immigration. Hindi makukuha ng USCIS ang lahat ng mga database sa Estados Unidos na nagbibigay ng kasaysayang kriminal. Maaaring hindi matapat ang sponsor na mamamayan ng Estados Unidos sa kanyang aplikasyon para sa pag-iisponsor. May posibilidad rin na itong mamamayan ng Estados Unidos ay may ginawang pang-aabuso sa nakaraan nguni't hindi siya naaresto o nahatulang may-sala. Sa gayong dahilan, maaaring hindi kumpleto ang natanggap ninyong criminal background information. Ang hangad ng IMBRA ay mabigyan ng makukuhang impormasyon at mga mapagkukunan ng tulong ang mga fiance(e) at mga asawa na mag-iimigrate. Sa huli, kayo rin naman ang magpapasya kung sa pakiramdam ninyo ay ligtas kayo sa relasyong ito.

**Pwede rin bang maging mga biktima ng human trafficking [pangangalakal ng mga tao] ang mga fiance(e) o mga asawa na mula sa ibang bansa na biktima ng karahasang pantahanan?**

Ang mga ibang anyo ng pagsasamantala kabilang ang human trafficking ay kasama na rin kung minsan sa domestic violence, kapag kasama sa pagsasamantala ang mga pagtatrabaho, mga serbisyo, o mga aktong sexual na pangkalakal na pilit na pinagagawa.

Makakahingi ng mga tulong hinggil sa human trafficking mula sa :

National Human Trafficking Resource Center
1-888-373-7888
(24 oras araw-araw, 7 araw sa isang linggo)
http://www.acf.hhs.gov/trafficking/

Human Trafficking and Worker Exploitation Task Force Hotline, U.S. Department of Justice
1-888-428-7581
(Lunes - Biyernes, 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon)
http://www.usdoj.gov/crt/crim/tpwetf.php

Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa aming website o sa pagtawag sa aming walang-bayad na numero ng telepono na nakalista sa baba.

Pangkalahatang Impormasyon mula sa **USCIS**
Sa Estados Unidos, tawagan nang walang-bayad:
**1-800-870-3676** o
Tingnan ang aming internet website sa:
http://www.uscis.gov